Name ________________________________ Class ______________ Date _______________

# Ang Mahalagang Tanong
# School-to-Home Connection

Ano ang mga mahalagang layunin? Paano nakakamit ng mga tao ang mga ito? Ang bawat tao ay maaaring magkaroon ng ibang sagot. Ang kilaláng babaeng negosyante na nagngangalang C.J. Walker ay nagtakda ng mga layunin para sa kanyang sarili. Ang isa sa mga ito ay ang tulungan ang ibang mga babae na maging matagumpay sa negosyo. Ang mga layunin ng ibang mga tao ay maaaring mas personál. Maaaring gusto ng isang tao na maging mas mahusay na kaibigan, o matutong tumugtog ng gitara. Kausapin ang mga tao sa iyong paligid tungkol sa kanilang mga layunin. Paano katulad ng iyong mga layunin ang mga ito?

## GAWAIN: Alamin ang mga Personal na Layunin

Kausapin ang isang magulang o ibang nakatatanda sa iyo sa tahanan tungkol sa mga katangian ng isang mabuting tao. Pagkatapos ay pag-isipan ang mga personál na layunin na maaari mong itakda upang maging mas mabuting kaibigan, kapamilya, o mamamayan. Gamitin ang mga sinasabi sa iyo ng iba, at ang iyong mga sariling iniisip, upang punan ang chart. Naglalaman na ito ng isang kuru-kuro na maaari mong gamitin o tanggalin.

Mga Mahalagang Personál na Layunin

1. maging tapat sa mga kaibigan at pamilya

## GAWAIN: Magtakda ng mga Layunin sa Pamilya

Kausapin ang mga nakatatanda sa iyo sa tahanan tungkol sa isang layunin na gusto nilang makamit ng iyong pamilya. Talakayin kung ano ang kakailanganin upang makamit ang layunin na ito, at kung paano ito magbebenepisyo sa pamilya. Sa isang hiwalay na pirasong papel, magsulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa layunin na ito at kung ano ang kinakailangan upang makamit ito. Hulaan kung paano mababago ang iyong pamilya kung nakamit ang layunin na ito.

## GAWAIN: Makamit ang mga Layunin sa Buhay

Interbyuhin ang isang tao sa tahanan tungkol sa isang layunin na itinakdâ nila noon, at pagkatapos ay nakamit. Ito'y maaaring isang maliit at personal na bagay, o isang malaking layunin na may kinalaman sa trabaho o sa komunidad. Magsulat ng isang listahan ng mga katanungan para sa interbyu. Maaari mong gamitin ang mga katanungan sa ibabâ upang magsimula, pero magdagdag ng iyong mga sariling katanungan. Irekord ang iyong interbyu sa audiotape at pagkatapos ay patugtugin ito para sa mga kaklase o mga miyembro ng iyong pamilya.

1. Ano ang iyong layunin?
2. Bakit mo ito gustong makamit?
3. Paano mo nakamit ang layuning ito?
4. Gaano ka katagal inabot upang makamit ang layuning ito?
5. Pagkatapos mong makamit ang layunin, inisip mo pa rin ba na mahalaga ito? Bakit?

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.